

## **Mga Madalas Itanong tungkol sa Bakuna para sa mga Batang nasa Edad 5-11 (Na-update 11/9/21)**

### **Q. Bakit dapat mabakunahan ang aking anak laban sa COVID-19?**

- Ang impeksyon ng COVID-19 ay malamang na magiging mas banayad sa mga bata kaysa sa mga nasa hustong gulang, ngunit ang ilang bata ay nagkasakit nang malubha at kinailangan ng pangangalaga sa ospital. May mga batang namatay mula sa mga kumplikasyon ng impeksyon ng COVID-19. Ang pagbabakuna laban sa COVID-19 ay makakatulong sa mga bata upang hindi magkasakit nang malubha kahit na sila ay mahawa.
- Ang pagbabakuna ng mga bata ay makakatulong na maprotektahan ang mga miyembro ng pamilya, tulad ng mga kapatid na masyadong bata pa para magpabakuna at iba pang mga mahihinang miyembro ng pamilya.
- Ang pagbabakuna ng mga batang nasa edad 5 pataas ay makakatulong na panatilihin sila sa paaralan at ligtas na makilahok sa mga playdate, sports, at iba pang mga aktibidad na kinakailangan para sa kabutihan ng kanilang kalusugan at pag-unlad.

### **Q. Paano naiiba ang pagbabakuna laban sa COVID-19 para sa mga batang wala pang 12 taong gulang?**

- Ang bakuna ng Pfizer para sa mga batang 5-11 taong gulang ay may parehong aktibong sangkap ng tulad ng bakunang binibigay sa mga nagbibinata't nagdadalaga at mga nasa hustong gulang. Gayunpaman, ang mga batang nasa 5-11 taong gulang ay bibigyan ng sangkatlo (1/3) ng dosis ng bakuna ng Pfizer para sa mga nasa hustong gulang, gamit ang mas maliliit na karayom.
- Kakailanganin ng iyong anak ng pangalawang turok ng bakuna ng Pfizer tatlong linggo pagkatapos ng kanilang unang pagturok.

### **Q. Ligtas at epektibo ba para sa mga bata?**

- Pinag-aralan ang bakuna ng Pfizer sa isang klinikal na pagsubok sa higit 2,200 bata na 5-11 taong gulang, na sumunod sa parehong proseso ng mga pag-apruba para sa lahat ng iba pang bakuna para sa mga bata.
- Ipinapakita ng klinikal na pagsubok na ang pagbabakuna laban sa COVID-19 ay nakatulong sa mga bata na makabuo ng proteksyon laban sa virus sa parehong paraan ng tulad sa mga nasa hustong gulang. Ang bakuna ay 90.7% na epektibo sa pagpigil ng impeksyon ng COVID-19 na may sintomas sa mga bata na nangangahulugan na mas kaunting pagbisita sa ospital para sa mga impeksyon sa COVID-19.
- Binigyan ng FDA ang bakuna ng Pfizer ng pang-emerhensyang pahintulot na gamitin sa mga bata na 5-15 taong gulang dahil ang bakuna ng Pfizer ay napatunayang ligtas at epektibo.

### **Q. Magdudulot ba itong magkasakit ang aking anak?**

- Maaaring magkaroon ang iyong anak ng ilang side effect pero dapat mawala ang mga ito sa loob ng ilang araw. Karaniwan ang mga side effect na ito at senyales na nagbubuo ng proteksyon ang kanilang katawan.
- Mga posibleng side effect:
  - Sa braso kung saan naturukan ang iyong anak: Pananakit, pamumula, pamamaga.
  - Sa iba pang bahagi ng kanilang katawan: Pagkapagod, pananakit ng ulo, pananakit ng kalamnan, panlalamig, lagnat, pakiramdam na naduruwal.
- Hindi inirerekumenda ang aspirin para sa mga bata at nagbibinata't nagdadalaga na wala pang 18 taong gulang. Tanungin ang doktor ng iyong anak para sa payo sa paggamit ng hindi aspirin na pampawala ng pananakit at iba pang mga hakbang na maisasagawa mo sa bahay upang makatulong sa mga sintomas ng iyong anak mula sa pagbabakuna.

### **Q. Paano kung mahina ang immune system ng aking anak?**

- Ang mga batang may underlying medical condition ay mas nasa panganib para sa malubhang pagkakasakit mula sa impeksyon ng COVID-19 kumpara sa mga batang walang underlying medical condition kaya mahigpit na inirerekumenda na pabakunahan ang iyong anak laban sa COVID-19.

### **Q. Magkano ito at paano ako magpapa-iskedyul ng pagbabakuna laban sa COVID-19 para sa aking anak?**

- Libre ang kasalukuyang bakuna. Kasalukuyang nakikipagtulungan ang Alameda County sa mga klinika ng estado at lokal tulad ng Asian Health Services at mga lokal na parmasya upang magbigay ng bakuna sa ating komunidad. Para makahanap ng pinakamalapit na klinika sa iyo na nagbabakuna, bisitahin ang [myturn.ca.gov](http://myturn.ca.gov).
- May limitadong bilang ng mga appointment ang Asian Health Services. Maaari ninyong tawagan ang aming COVID Helpline upang malaman kung makakapag-sign up kayo para sa isang appointment (510) 735-3222.

### **Q. Nagbibigay ba ng proteksyon ang mga bakuna laban sa mga bagong strain ng COVID-19?**

- Nagbibigay ang bakuna ng Pfizer ng matinding proteksyon laban sa mga bagong strain ng COVID-19 virus, kabilang na ang Delta variant.

### **Q. Pagkatapos mabakunahan, kakailanganin pa ba ng mga bata na magsagawa ng mga pag-iingat upang maiwasan ang pagkalat ng COVID-19 sa paaralan?**

- Napakapektibo ng mga pagbabakuna sa pag-iwas sa mga malulubhang sintomas mula sa impeksyon ng COVID-19, pero hindi sila nagbibigay ng kumpletong proteksyon laban sa lahat ng impeksyon.

- Hanggang sa malawak na makontrol ang pandemya, kailangan nating magpatuloy na gumamit ng lahat ng maaaring magamit para mabawasan ang paglaganap ng virus sa mga pampublikong lugar, tulad ng mga paaralan. Nangangahulugan itong pagbabakuna sa lahat ng tao na karapat-dapat na makatanggap ng bakuna, pagsusuot ng mask sa mga panloob na lugar at sa ilang kaso, sa labas, para sa lahat ng taong nasa edad 2 pataas, pisikal na pagdidistansya, paghuhugas ng kamay, pagpapahusay ng bentilasyon sa mga paaralan kung maaari, at iba pang mga hakbang sa pag-iwas sa sakit.
- Ang pagbawas ng paglaganap ng COVID-19 ay ang nagpapanatili sa ating mga komunidad na maging malusog at nagpipigil sa mga maaaring mutation ng virus, na maaaring magresulta sa mapanganib na mga bagong variant.

**Q. Magiging 12 taong gulang ang aking anak sa susunod na 1-2 buwan, dapat ko bang hintayin ang pagsapit nun?**

- Inirerekumenda naming huwag mong ipagpaliban. Ito ang pinakamahusay at pinakamabilis na paraan para protektahan ang iyong anak mula sa COVID-19.

**Q. Magiging 5 taong gulang ang aking anak sa susunod na 1-2 buwan, dapat ko bang hintayin ang pagsapit nun?**

- Ang mga batang wala pang 5 taong gulang ay kasalukuyang hindi karapat-dapat para sa bakuna laban sa COVID-19. Sa sandaling maging karapat-dapat sila pag-abot nila ng 5 taong gulang, dapat na silang magpabakuna.

**Q. Paano ang mga batang wala pang 5 taong gulang?**

- Isinasagawa pa ang mga pagsubok sa bakuna para sa mga batang wala pang 5 taong gulang, gamit ang mas maliliit na dosis. Inaasahan naming pag-iisipang magbigay ng FDA at CDC ng awtorisasyon para sa mga maliliit na bata sa unang bahagi ng 2022.